Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng General Trias

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 13-13**

**May-akda:** Kag. Mario C. Amante

**Mga Isponsor:** Kag. Lamberto M. Carampot
Kag. Gary A. Grepo
Kag. Florencio D. Ayos
Kag. Walter C. Martinez
Kag. Kerby J. Salazar
Kag. Christopher N. Custodio
Kag. Richard R. Parin
Kag. Jonas Glyn P. Labuguen

**NAGSUSUSOG SA IPINATUTUPAD NA "MORATORIUM" NG PRANKISA NG TRAYSIKEL SA BAYAN NG GENERAL TRIAS UPANG MULING MAGKALOOB NG MGA ITO MULA IKA-01 NG ENERO HANGGANG IKA-28 NG PEBRERO 2014 AT MABIGYAN NG PAGKAKATAON.**

**SAPAGKAT**, sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 47-2001, ipinaiiral sa Bayan ng General Trias ang pagpapatigil sa pagkakaloob ng prankisa sa traysikel;

**SAPAGKAT**, ang mga Pangulo ng Tricycle Operators and Drivers Association (TODA) o Samahan ng mga May-ari at Drayber ng Traysikel sa Bayan ng General Trias ay humiling na muling buksan ang umiiral na "moratorium" sa pagkakaloob ng bagong prankisa;

**SAPAGKAT**, ang pagkakaloob ng mga bagong prankisa ng traysikel ay maaaring maging posibleng solusyon sa dumaraming bilang ng kolorum na traysikel sa bayan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kag. Mario C. Amante na pinangalawahan nina Kag. Lamberto M. Carampot, Kag. Gary A. Grepo, Kag. Florencio D. Ayos, Kag. Walter C. Martinez, Kag. Kerby J. Salazar, Kag. Christopher N. Custodio, Kag. Richard R. Parin at Kag. Jonas Glyn P. Labuguen, na

**PAGTIBAYIN, AT DAPAT NA PAGTIBAYIN** ang isang Kautusang Pambayan na nagsususog sa Kapasiyahan Blg. 47-2001 upang muling buksan ang ipinaiiral na "moratorium" at magkaloob ng bagong prankisa ng traysikel sa mga kukuha nito sa Bayan ng General Trias na mababasa tulad ng mga sumusunod:

**I. TITULO.**

**KAUTUSANG PAMBAYAN BILANG 13-13**

**NAGSUSUSOG SA IPINATUTUPAD NA "MORATORIUM" NG PRANKISA NG TRAYSIKEL SA BAYAN NG GENERAL TRIAS UPANG MULING MAGKALOOB NG MGA ITO MULA IKA-01 NG ENERO HANGGANG IKA-28 NG PEBRERO 2014 AT MABIGYAN NG PAGKAKATAON.**

**MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.**

RICHARD R. PARIN
Kagawad

WALTER C. MARTINEZ
Kagawad

LAMBERTO M. CARAMPOT
Kagawad

CHRISTOPHER N. CUSTODIO
Kagawad

KERBY J. SALAZAR
Kagawad

GARY A. GREPO
Pangulo, LMB

FLORENCIO D. AYOS
Kagawad

JONAS GLYN P. LABUGUEN
Kagawad

MARIO C. AMANTE
Kagawad

Karugtong...pahina 2 ng Kautusang Pambayan Blg. 13-13:

**II. LAYUNIN.**

Ang moratorium sa pagkakaloob ng prankisa ng traysikel sa bayan (Kapasiyahan 47-2001) ay isususpindi upang mabigyan ng pagkakataon ang sinomang nagnanais kumuha nito gayundin ang mga kolorum na traysikel upang legal na makapamasada sa Bayan ng General Trias.

**III. SAKLAW AT REGULASYON NG KAUTUSAN.**

Ang Pamahalaang Lokal ng General Trias ay muling magkakaloob ng bagong prankisa sa sinomang nagnanais kumuha nito mula sa iba't ibang samahang pang-traysikel ayon sa rekomendasyon ng Tagapangulo ng Lupon ng Transportasyon ng Sangguniang Bayan bago pagtibayin ng Punong Bayan.

**IV. KAHULUGAN NG TERMINO.**

1. Moratorium – pansamantalang pagpapatigil sa pina-iiral na kautusan.

**V. KAUKULANG BAYARIN.**

Sinoman na pagkakalooban ng bagong prankisa ng traysikel ay nararapat magbayad ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Prankisa: | P 880.00 |
| Mayor's Permit: | P 220.00 |

**VI. PAGKABISA.**

Ang Kautusang Pambayang ito ay magkakabisa mula ika-01 ng Enero hanggang ika-28 ng Pebrero 2014.

PINAGTIBAY sa ilalim ng HULI/IKATLONG PAGBASA noong IKA-16 NG DISYEMBRE 2013.

| | | |
|---|---|---|
| KERBY J. SALAZAR<br>Kagawad | CHRISTOPHER N. CUSTODIO<br>Kagawad | LAMBERTO M. CARAMPOT<br>Kagawad |
| WALTER C. MARTINEZ<br>Kagawad | RICHARD R. PARIN<br>Kagawad | MARIO C. AMANTE<br>Kagawad |
| JONAS GLYN P. LABUGUEN<br>Kagawad | FLORENCIO D. AYOS<br>Kagawad | GARY A. GREPO<br>Pangulo, LNB |

MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng General Trias

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**Karugtong...pahina 3 ng Kautusang Pambayan Blg. 13-13:**

**PINATUNAYANG WASTO:**

**WENCESLAO P. CAMINGAY**
**Kalihim**

**PINATOTOHANAN:**

**MAURITO C. SISON**
**Pangalawang Punong Bayan/Tagapangulo**

**PINAGTIBAY:**

**ANTONIO A. FERRER**
**Punong Bayan**

wpc

RICHARD R. PARIN
Kagawad

WALTER C. MARTINEZ
Kagawad

LAMBERTO M. CARAMPOT
Kagawad

CHRISTOPHER N. CUSTODIO
Kagawad

KERBY J. SALAZAR
Kagawad

GARY A. GREPO
Pangulo, LNB

FLORENCIO D. AYOS
Kagawad

JONAS GLYN P. LABUGUEN
Kagawad

MARIO C. AMANTE
Kagawad